


# Sigurado , Ikaw din

Mga Naninirahan sa rehiyon. Makisalamuha

## Nais kong makilahok sa mga aktibidad ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente.

### 1 Anong klase ng lugar ang Lungsod ng Hatsukaichi ?

Dahil sa mahusay na pagsasanib sa panahon ng "Heisei", ang Bayan ng Saiki, Nayon ng Yoshiwa, Bayan ng Ono, at Bayan ng Miyajima ay nagsama-sama upang maging kabilang sa Lungsod ng Hatsukaichi sa kasalukuyan. Ang Ang Hatsukaichi ay isang lungsod kung saan ang mainit na Seto Inland Sea at ang mayamang kalikasan ng Chugoku Mountains ay nagkakasundo sa isa't isa , at bilang karagdagan, marami itong masasayang kaganapan na nagpapangyaring maging kaakit-akit ang lungsod para sa mga taong nagtatrabaho at nakatira dito.

Bilang karagdagan sa likas na kapaligiran at mga gawain ng lungsod, nagsasagawa rin kami ng mga aktibidad para sa komunidad, tulad ng pagbabantay upang maiwasan ang mga aksidente at krimen, paglilinis upang mapanatili ang komportableng kapaligiran sa pamumuhay, at pagbuo ng koneksyon sa isa't-isa sa araw-araw upang maging handa kung sakaling magkaroon ng sakuna. At dahil sa suporta ng mga gumagawa nito kung kaya mayroong Lungsod ng Hatsukaichi ngayon.

### 2 Ano ang gawain ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente?

Ang Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente ay boluntaryong inorganisa at aktibong mga organisasyon upang gawing mas madaling tirahan ang kanilang mga lugar. Mayroong humigit-kumulang 220 Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente sa lungsod, at nagdaraos sila ng mga kaganapan upang malutas ang mga problema sa lugar at upang itaguyod ang pagkakaibigan sa pagitan ng bawat isa. Ang batayan ng buhay ay isang pakiramdam ng seguridad sa pamamagitan ng magandang relasyon sa pagitan ng mga tao. Mahalaga na ang mga residente ay konektado sa bawat isa sa araw-araw upang suportahan ang bawat isa lalo na kung may sakuna.


**Pangunahing aktibidad ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente.**

1. Magpatupad ng pagkakaisa
2. Magpanukala ng pangkaligtasan
3. Magpaganda ng bayan
4. Mapalaking malusog ang mga bata
5. Magkalap at maghatid ng mga impormasyon

### 3 Halimbawa ng isang taon na aktibidad

Mayo - Araw ng palakasan ng mga taong bayan at pangkalahatang pulong.
Hunyo - sabay-sabay na paglilinis.
Hulyo - Pagdiriwang sa tag-init
Agosto - Pagdiriwang ng bon at radyo calisthenics
Setyember - Pagsasanay sa pag iwas sakuna at Kaalaman sa pag liligtas ng buhay.
Oktubre - Pagdiriwang sa tag-lagas
Nobyembre- Pagpupulong sa paggalang sa mga matatanda
Disyembre - Pagpapatrol sa pagtatapos ng taon
Enero- Pagdiriwang ng Tondo

＊Pag-papatrol sa pag iwas sa krimen kung kinakailangan
＊Paglilinis ng bayan kung kinakailangan





Pagsasanay sa pag iwas kapag may emergency



Kaalaman pang-emergency na nagliligtas ng buhay



aktibidad sa pagpapaganda ng bayan



Pagbabantay sa mga batang papasok sa paaralan



Araw ng palakasan ng mga taong bayan



Pagdiriwang sa tag-init



Nais mo bang maging kasapi sa Asosasyon ng mga Kapitbahayan / Asosasyon ng mga Residente at makisalamuha sa mga lokal na aktibidad?

### 4 Paano sumali sa Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente?

Mayroong dalawang paraan upang maging kasapi sa Asosasyon ng Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente.

① Mag-apply mula sa QR code.

② Isumite ang application form sa isa sa mga sumusunod.

Sa kahon sa ibabaw ng lamesa sa harap ng Citizen's Division sa unang palapag ng lungsod ng munisipyo o kaya naman sa Tagapangulo ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan o Tagapangulo ng Asosasyon ng mga Residente ng lugar.

＊Mangyaring tandaan na maaaring gamitin ang mga nilalaman ng application form sa talatanungan upang mapabuti ang Asosasyon ng Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente.

--- A p l i k a s y o n ---

| | | |
|---|---|---|
| | | Taon Buwan Araw |
| Buong Pangalan (Furigana) | Lugar | Hatsukaichi |
| Telepono | Email | |

☐ Naiintindihan ko na ang mga nilalamang inilarawan sa itaas ay maaaring gamitin para sa mga talatanungan, atbp.
(mangyaring chekan ang kahon kung naiintindihan)

## 5 Para saan ginagamit ang ibinayad sa pagiging kasapi？




May mga pagkakaiba ang pag-gamit ng bayad sa pagiging kasapi sa Asosasyon ng Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente, ngunit pangunahin ay ang pagbabayad sa kuryente para sa mga ilaw upang maiwasan ang krimen, ang mga gastos na kinakailangan para sa mga pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad, atbp.
Ginagamit din ito para sa mga lambat na hindi madaling masira para pantakip sa istasyon ng basurahan, pagbabantay sa mga matatanda at bata, at mga lokal na kaganapan.

## 6 Mga boses ng mga taong sumali sa Asosasyon ng Kapitbahayan / Asosasyon ng mga Residente



Isang babaeng nasa edad 30 na nakatira sa lugar ng Miyazono. 4 sa sambahayan (asawa, anak na lalaki, anak na babae)

Nagkaroon akong pagkakataon na makasalamuha ang mga tao sa komunidad, kausapin ang aking mga anak, at makipag-ugnayan sa aking pamilya. Naipagamit rin sa akin ang lugar ng pagpupulong ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan upang makatipon ang mga kaibigan at mga kapitbahay ko na katulad ko ring nanay at nakapagdiwang din kami sa "panahon ng tag-init" para sa mga bata. Natutuwa akong maging kabilang ng Asosasyon dahil makakakuha ako ng tulong kapag may problema ako o may gustong gawin.

## 7 Mga boses ng mga opisyal ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan / Asosasyon ng mga Residente



Isang lalaking nasa edad 60 na nakatira sa lugar ng Hara (Tagapangulo ng Asosasyon ng mga Kapitbahayan)

Nang ang isang bagong lugar ng tirahan para sa mga hiwalay na bahay ay itinayo sa aking distrito at higit sa 20 mga bahay ang bagong itinayo, humigit-kumulang 90% ng mga inilipat na kabahayan ang sumali sa Asosasyon ng Kapitbahayan. Karamihan sa mga taong ito ay mga nasa edad kalagitnaan ng 30's at 40's. Habang dumarami ang populasyon ng matatanda, ang pakikilahok ng nakababatang henerasyon ay napakasaya at maaasahan. Gumawa tayo ng komportableng lungsod kung saan maaari kang manirahan nang may kapayapaan ng isip.

## 8 Makipag-ugnayan


Kung mayroon kang anumang mga katanungan o problema tungkol sa Asosasyon ng Kapitbahayan o Asosasyon ng mga Residente, mangyaring makipag-ugnayan sa isa sa mga sumusunod.

**① Samahan ng Asosasyon ng mga Kapitbahayanan sa Hatsukaichi (Hatsukaichi Civic Activity Center－３F)**

Telepono (0829)32-3013　E-MAIL tyou-ren@hatnet.jp
(oras na bukas： Martes 9am hanggang 4pm, Miyerkules at Huwebes 9am hanggang 12pm)

**② Lungsod ng Hatsukaichi (Rehiyon ng Pagbabaha-bahagi ng mga Patakaran)**

Telepono (0829) 30-9137
E-MAIL chiikishinko@city.hatsukaichi.lg.jp



### Samahan ng asosasyon ng mga kapitbahayanan sa Hatsukaichi
### Mensahe mula sa Tagapangulo

Ang Asosasyon ng mga Kapitbahayan at Asosasyon ng mga Residente ay mga organisasyong nagsisikap na gawing ligtas, magaan sa pakiramdam at komportableng tirahan ang lugar kung saan sila nakatira. Ito rin ang pinakamalapit na organisasyon na may sariling pamamahala.
Marahil ay narinig mo na ang mga salitang "Kinsuke" at "Kyosuke". Ang ibig sabihin ng "Kinsuke" ay pagtulong sa isa't isa sa kapitbahayan, at ang "Kyosuke" naman ay ang pakikipagtulungan ng bawat isa sa komunidad.
Taun-taon ay nakakaranasa tayo ng mga natural na kalamidad. Palalimin natin ang ugnayan sa pagitan ng kapitbahayan at komunidad at magtulungan sa isa't isa upang maging ligtas at matatag ang bayan kung saan tayo nakatira.

### Mensahe mula sa Alkalde ng Lungsod ng Hatsukaichi



Ang mga Asosasyon ng Lungsod at Kapitbahayan / Asosasyon ng mga Residente ay mahusay na mga kasosyo sa pakikipagtulungan para sa pagtataguyod na mapanatili ang pag-unlad ng bayan.
Kung sakaling magkaroon ng emergency, maaaring puntahan ka kaagad ng isang taong malapit sa iyo kaysa sa kamag-anak mo na nakatira sa malayo.Kailangang magkaroon ng kapangyarihan ang bawat isa sa atin na tumulong sa isa't isa kapag may sakuna, bantayan ang mga bata at matatanda, at lumikha ng isang bayan kung saan ang lahat ay mabubuhay nang may kapayapaan ng isip. Ito ay humahantong sa pagpapasigla ng lokal na komunidad.
Sa tulong ng bawat isa, mapapanagtili at mgiging maganda ang lungsod.



Distrito ng Hara
Lambak ng Doronko



Distrito ng Sakata
Pagtatanim ng Bulaklak



Distrito ng Kushido
Pagpapatrol sa gabi



Distrito ng Miyazono
Pagdiriwang ng mga bata sa tag-init